**Research and Analysis Journals 5(04): 01-08, 2022**

**e-ISSN: 2589-9228, p-ISSN: 2589-921x**

**© 2022, RAJ**

**Research Article**

# Acceptance of Homosexuals and Legalization of Same -Sex Marriage

**Francine G. Astillero[1], Alex Jeane G. Balderama[2], Alexa Bianca S. Galias[3], Wenalyn C. Lacsi[4]**

## Abstract:

People have different views on what is homosexual and same sex marriage and we have clarified this for humanity. This is one of the social issues that everyone should pay attention to because its legalization is rampant in neighboring areas. This research contains self -perception and reality regarding The Acceptance of Homosexuals and the Legalization of Same -Sex Marriage. This study aimed to find out the own opinion or perspective of selected respondents about same sex marriage and acceptance of homosexuals. This study is a kind of qualitative research design. The participants consisted of 22 from the Filipino people. Purposive sampling was also used as the sample and population of the study. A questionnaire and a checklist were used for the responses from which data and information were obtained which formed the basis of the study results. Based on the data gathered and the analyzed results of the opinion study on legal same-sex marriage in the Philippines, some Filipinos still agree and disagree with it. There are those who are open-minded to agree on this issue but there are still religious Filipinos who do not agree. Proof that Filipinos still have their own opinions about legal same -sex marriage in the Philippines.

**Keywords: Homosekswal (homosexual), Pagtanggap (acceptance), Persepsyon (perception), Legalisasyon (legalization).**

## INTRODUKIYON

Ang kasal ay unyon sa pagitan ng dalawang tao, kung ito man ay isang lalaki at isang babae o dalawang tao ng magkaparehong kasarian, na itinatag sa pamamagitan ng mga ritwal sa relihiyon o sa pamamagitan ng isang serye ng mga ligal na pormalidad, upang mapanatili ang isang pamayanan ng buhay at mga interes. Sa nagdaang mga taon unti-unting nadaragdagan ang nadidiskubreng kasarian kaya naman habang sa papaunlad ang bansa may mga taong nag aasam ng kasalang homosekswal para umano sa pagkakpantay-pantay ng bawat indibidwal ngunit itoy hindi kinikilala ng simbahan maging ng batas.

[1] Ayon kay Chinee (2010), Ang Same Sex Marriage (tinatawag din na gay kasal) ay isang legal na katayuan sa lipunan o kinikilala kasal sa pagitan ng dalawang tao ng parehong biological sex o gender panlipunan. Same-sex kasal ay isang karapatang sibil, pampulitika, panlipunan, moral, at relihiyon na isyu sa maraming bansa. Ang homosexuality ay hindi isang disorder o isang sakit, ngunit sa halip ng isang normal na iba ng mga karapatang sexual orientation. Ginagamit ng karamihan ng mga gay at lesbian indibidwal humantong masaya, malusog, nababagay, at produktibong buhay. Maraming mga gay at lesbian mga tao ay sa isang pangako relasyon parehong-sex. Sa kanilang mga mahahalagang sikolohikal na kadahilanan, ang mga relasyon ay katumbas ng heterosexual relasyon

[2] Ayon kay Redentor Habla (2016), Ang salitang kasal ay isang napaka-halaga at sagradong sakramentong institusyon na binigay ng ating Panginoon noong una paman, upang itaguyod ang totoong larangan sa pagtayu ng pamilya, pinagtibay at iningatan ng simbahan mula noon hangga’t ngayun. At ito hindi maaring ihambing o ipantay man lamang kung ang kapwa kasarian ang magkikipagisang dib-dib. Sa Kristiyanong doktrina isang kasalanan ang same sex- marriage. At ayon sa istatistiko, ang Pilipinas ay isa sa pinaka most gay-friendly na bansa sa mundo, tayu ay pang sampu sa loob ng tatlongput-siyam, na may labing pito dito ay ganap na tanggap ang pagiging bakla. Ayon sa pag-aaral, pitongput-tatlong porsientong pinoy na naniniwala na dapat ito’y tanggapin sa lipunan. Subalit ang LGBT community ay nananatiling maynor na sektor ng ating lipunan.

Ang kasal ay isang institusyon na prinoprotektahan ng estado. Ayon sa ating konstitusyon, ang kasal ang pundasyon ng pamilya at prinoprotekhatan ng estado ang karapatan ng mga mag-asawa na magtayo ng sarili nilang pamilya ayon sa mga paniniwala nila. Ang Pilipinas ay isang bansa na puno ng mga tradisyon at isang serye ng mga kaugalian na naglalarawan sa mga tao,

[3] Ayon kay Arisa Junio (2018) Noong 1994, ginanap ang unang organisadong gay pride parade sa Pilipinas. Ang Metro Tinipon ng Manila Pride March ang mga LGBTQ rights advocates at supporters sa Maynila para ipahayag ang pakikiisa sa isa't isa, sa kabila ng maraming panggigipit mula sa Romano Katolikong simbahan. Dapat isaalang-alang na ang Pilipinas ay nakararami sa Katolikong bansa at ipinagbabawal nito ang mga relasyon sa parehong kasarian at mga gawaing sekswal. Noong 2013, isa pang pride march ang naganap na kung saan “binibigyang-diin ng parada ang kakayahan ng mga LGBTQ community na bumangon mula sa pang-aapi” (Tamboon, binanggit sa Rappler 2014). Sa kabila ng kanilang pakikipaglaban para sa pagtanggap, naniniwala ang LGBTQ community na maraming trabaho ang dapat gawin upang labanan ang diskriminasyon. Ang isang paraan na dapat isaalang-alang ay ang legal na Sistema at ang pagiging patas ng kasarian nito hindi lamang para sa mga babae at lalaki, kundi para sa LGBTQ community.

Ang panghuhusga at diskriminasyon laban sa mga taong homoseksuwal at biseksuwal o tinatawag na homophobia ay nagpapakita ng isang malaking epekto pang-silohikal, at mas lalong nakasisira sa mga batang homoseksuwal at biseksuwal. LGBTQ o Lesbian, Gay, Bisexual, Transgender, Queer ay isang asosasyon o grupo ng mga indibidwal na nais at naglalayong ipaglaban ang karapatan nila bilang tao sa kabila ng diskriminasyon na natatanggap nila dulot ng kanilang sekswalidad. Hanggang sa kasalukuyan, hindi parin lubusang tanggap sa lipunan ang mga ikatlong kasarian na mga ito.

[4] Ayon sa SWS Survey (2015) 10 Pilipino ang hindi sang-ayon sa pagpapatupad ng Same-sex Marriage dahil una, labag ito sa batas ng Diyos at maging batas moral ng tao. Malaya ang isang kasapi ng LGBTQ na magpahayag ng saloobin sapagkat ito ay isang karapatang pantao, ngunit ang pagdawit sa seremonyas ng “Kasal” ay kailanma’y hindi tanggap ng simbahan at lipunan. Ang pagnanais ng isang organisasyon o indibidwal na maging legal ang Same-sex Marriage ay higpit sinasang-ayonan. Bukod dito, ang mga taong kasapi sa 52 porsyento (52%) na hindi sang-ayon ay nag-iisip din na ang pag-legal nito sa batas ay walang epekto sa lipunan, samantalang 40% ay naniniwala na ito ay makakapagbigay ng masamang dulot sa lipunan.

[5] Ayon sa Kadlit (2018) Maraming taliwas sa mga LGBT dahil naniwala pa rin ang karamihan ng Pilipino na ang lalaki ay para sa babae lamang, dahil na rin sa turo ng iba’t ibang simbahan (lalong lalo na ang simbahang Romano Katolika) Ang turo ay ayos lang na maging parte ng LGBT basta huwag ka lang makipag-relasyon sa kaparehang kasarian. Pero may mga simbahan din naman na pro-LGBT kung saan suportado sila at naniniwala na hindi pinili ng isang tao na maging LGBT at nagkakasal rin sila katulad ng MCC at ECOG church.

Ang Pilipinas ay lubos na binibigyang halaga at paggalang ang karapatan ng mga “homosexual” sa bansa kaya malaya ang lahat ng kasapi sa LGBTQ na maipahayag ang kagustahang ipatupad na sa bansa ang kasal ng parehong kasarian ngunit, ang pagnanais na maisulong ito ay ibang usapan na; maaring magdudulot ito ng malaking dagok sa Simbahang Katoliko at pagkasira sa kahulugan ng isang tradisyonal na pamilya.

[6] Ayon sa Council Foreign Relations Staff (2021) mahigit sa dalawang dosenang bansa ang may pagkakapantay-pantay sa pag-aasawa. Mahigit sa kalahati nito ay nasa Kanlurang Europa. Ang pagpapalawak ng mga karapatan ng LGBTQ+ sa buong mundo ay hindi pantay, na may mga pagbabawal sa mga relasyon sa parehong kasarian na ipinapatupad pa rin sa maraming bansa. Lahat ng tao ay dapat na mayroong karapatan na umibig ng kung anong kasarian man at hindi dapat inililimita ang pagpapakasal ayon lamang sa kanilang kasarian. Ang mga kaparehong kasarian ay maaaring magpakasal. Bagaman ang mga relihiyon na ito ay may mga tiyak na mga paninindigan at pang-unawa sa kanilang mga pagpapasya sa kanilang mga tradisyon at bahagya na pinag-uusapan sa bawat isa tungkol sa pagaalala ng kasal sa parehong kasarian, madalas sa loob ng mga tradisyon ng relihiyon kung saan ang hindi pagkakasundo na naganap kung ang pagkilos na pinahihintulutan ang kasal na parehong kasarian ay " mali o tama

## LAYUNIN NG PAG-AARAL

Dahil sa may kanya kanya tayong persepsyon nabuo ang pananaliksik tungkol sa Sariling persepsyon patungkol sa “Pagtanggap sa mga homosekswal at Legalisasyon ng pagpapakasal ng may parehong kasarian” Sinasagot ang mga sumusunod na tunguhin ng pag-aaral (1) Magkaroon ng malalim na pagunawa sa mga homosekswal at legalisasyon ng pagpapakasal ng may parehong kasarian. (2) Malaman ang mga negatibo at positibong impak ng pagpapakasal ng may parehong kasarian.

## PAMAMARAANG GINAMIT

Ginamit ang deskriptib- analisis na disenyo ng pananaliksik. Ang mga naging kalahok ay binubuo ng 22 mula sa mga mamamayang Pilipino. Gumamit ng talatanungan at tseklist para malaman ang mga impak ng pagpapakasal ng may parehong kasarian. Nagsagawa ng pakikipanayan sa mga kalahok sa pamamagitan ng paghingi ng pahintulot at pagpapaliwanag sa isinagawang pananaliksik. Ginamit ang Frequency count, bahagdan at pagraranggo upang maanalisa ang datos sa impak, opinyon at maging ang sa pagtanggap ng mga Homosekswal at Legalisasyon ng pagpapakasal ng may parehong kasarian. Purposive Sampling ang ginamit ng mananaliksik sa pagkuha ng 2 pare o pastor, 10 ordinaryong mamayan at 10 miyembro ng LGBTQ+ target ng pananaliksik. Inalam na muna ng mananaliksik ang mga may kaalaman at mga hindi gaano pamilyar patungkol sa mga homosekswal at pagpapakasal ng may parehong kasarian.

Babae, lalake, bakla at tomboy ay iisa lang ang karapatan at may kakayahang pumili kung ano man at sino ang nais nilang ibigin. Bilang isang tao rin ninanais ko ipaglaban ang karapatan ng bawat isa dahil alam natin na walang perpektong tao sa ating mundo lalo na dito sa ating bansa na puno ng mga taong mapanghusga na akala mo sila ay perpekto Sheina Mae Gibas (2016). Kaya’t kailangan marinig ang mga saloobin ng mga Pilipino upang lubos na matanggap ng iba ang mga Homosekswal at Legalisasyon ng pagpapakasal ng may parehong kasarian.

## MGA NATUKLASAN

**(1) Magkaroon ng malalim na pagunawa sa mga homosekswal at legalisasyon ng pagpapakasal ng may parehong kasarian.**

Natuklasan na ang pagkakaunawa patungkol sa mga Homosekswal at Leagalisasyon ng pagpapakasal ng mga may parehong kasarian ay karapatan ng mga bawat isa ang pumili ng mga taong mamahalin at pakakasalan nila ma mayroong 20 o 87% bahagdan ng kalahok na sumang-ayon. Pangalawa sa ito ay walang matatapakang tao o ano mang moralidad kapag ang dalawang taong may parehong kasarian ay gustong magpa kasal na may 13 o 56.5% bahagdan ng kalahok na sumang-ayon.

Lahat ng tao ay dapat na mayroong karapatan na umibig ng kung anong kasarian man at hindi dapat inililimita ang

pagpapakasal ayon lamang sa kanilang kasarian (Course Hero). Kaya't kailangan magkaroon ng malawak na pagunawa patungkol sa mga Homosekswal at Legalisasyon ng pagpapakasal ng mga may parehong kasarian.

Ayon sa KidsHealth Behavioral Health Experts Sa Estados Unidos, at sa buong mundo, ang mga saloobin tungkol sa oryentasyong sekswal ay nagbabago. Bagama't hindi lahat ay kumportable sa ideya ng mga pagkakaiba sa oryentasyong sekswal at marami pa ring pagkiling sa paligid, ang pagiging bakla ay nagiging hindi gaanong "big deal" kaysa dati. Kaya't kailangan mas lalong maunawaan ang patungkol sa mga Homosekswal.

**Talahanayan 1. A**
**Pagkakaunawa patungkol sa mga Homosekswal at Leagalisasyon ng pagpapakasal ng mga may parehong kasarian.**

| **Pagkakaunawa patungkol sa mga Homosekswal at Leagalisasyon ng pagpapakasal ng mga may parehong kasarian.** | **Sang-ayon** | **Bahagdan** | **Ranggo** |
|---|---|---|---|
| Karapatan ng mga bawat isa ang pumili ng mga taong mamahalin at pakakasalan nila. | 20 | 87 | 1 |
| Ang MARRIAGE RIGHTS ay di lang dapat sa mga heterosekswal. | 11 | 47.8 | 3 |
| Hindi mahalaga ang kasarian pagdating sa usaping kasal. | 11 | 47.8 | 3 |
| Walang matatapakang tao o ano mang moralidad kapag ang dalawang taong may parehong kasarian ay gustong magpa kasal. | 13 | 56.5 | 2 |
| Nagpapakita ng kalayaan sa pagpili ng isang tao ang anumang uri ng sekswalidad ang nais niya. | 11 | 47.8 | 3 |
| Ang Same-Sex Marriage ay hindi naka aapekto sa lipunan at ito'y hindi dapat limitahan. | 10 | 43.5 | 4 |
| Diskrinasyon ang patuloy na sumisira sa usapang Same-Sex Marriage. | 10 | 43.5 | 4 |
| Ang pagsasalegal ng Same-Sex Marriage ay makapagpapatigil ng karahasan laban sa Homosekswal | 9 | 39.1 | 5 |

**(2) Malaman ang mga negatibo at positibong impak ng pagpapakasal ng may parehong kasarian.**

Ang mga negatibong impak ng pagpapakasal ng may parehong kasarian ay may 22 na kalahok. Ang magkakaroon nang salungat sa salita ng Diyos, sagradong teksto at tradisyon ng maraming grupo at relihiyon at negative social impact – kung maipasa ang same-sex marriage hindi parin sila matatanggap ng iba ang may pinakamaraming negatibong impak na may 12 o 52.2 bahagdan ng kalahok ang sumagot.

Nabanggit nga sa pagaaral ng Am J Public Health (2013) natuklasan na ang mga taong may asawang parehong kasarian ay lesbian, bakla, at bisekswal ay hindi gaanong nababalisa kaysa sa mga wala sa isang legal na kinikilalang relasyon. Sa adjusted pairwise na paghahambing, ang mga kasal na heterosekswal ay may pinakamababang sikolohikal na pagkabalisa, at ang mga lesbian, bakla, at bisexual na mga taong wala sa legal na relasyon ay may pinakamataas na sikolohikal na pagkabalisa.

**Talahayan 2. A**
**Negatibong impak ng pagpapakasal ng may parehong kasarian**

| **Negatibong Impak** | **Sang-ayon** | **Bahagdan** | **Ranggo** |
|---|---|---|---|
| Matitigil ang reproduksyon ng tao. | 2 | 8.7 | 6 |
| Lalong pinaghihiwalay ang pagaasawa at pagkakaanak | 1 | 4.3 | 7 |
| Binabawasan ang halaga ng parental commitment | 2 | 8.7 | 6 |
| Magkakaroon nang salungat sa salita ng Diyos, sagradong teksto at tradisyon ng maraming grupo at relihiyon | 12 | 52.2 | 1 |
| Makakaapekto sa proseso ng pag-aampon | 2 | 8.7 | 6 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Maaring mawala ang kahalgahan ng kasal sa ating lipunan | 3 | 13 | 5 |
| Ayon sa Law of Nature sa pagitan lang ng lalake at babae ang pagpapakasal | 8 | 34.8 | 2 |
| Negative social impact – Kung maipasa ang same-sex marriage hindi parin sila matatanggap ng iba | 12 | 52.2 | 1 |
| Ang homosekswal na mag partner ay walang kakayahan makabuo ng normal na pamilya | 4 | 17.4 | 4 |
| Ang populasyon ng ating bansa ay pinupuno ng mga relihiyosong mamamayan kaya ito’y isang insulto sa simbahan | 6 | 26.1 | 3 |

Samantala, ang positibong impak ng pagpapakasal ng may parehong kasarian ay may 22 na kalahok. Pangalawang positibong impak ang magkaroon ng pagkakapantay pantay na trato sa mga magkarelasyon may parehong kasarian na may 18 o 78.3 na bahagdan ng kalahok ang sumagot at sinundan ng magkakaroon ng siguridad sa batas ang relasyon ng may parehong kasarian na may 16 kalahok a sumagot kaakibat ang 69.6 na bahagdan.

Ayon kay Carlos H. Conde (2017) ang pagpayag sa pagpapakasal sa parehong kasarian ay nagbibigay-daan sa mga bakla at lesbian sa Pilipinas na pakasalan ang taong mahal nila at nagpapatibay sa mga karapatan ng lahat. Mula sa pananaw ng karapatang pantao, ang pagpapalawak ng kasalang sibil sa magkaparehas na kasarian ay nagpapakita ng paggalang sa mga pangunahing karapatan ng pagkakapantay-pantay at walang diskriminasyon.

Ayon kay Rep. Geraldine Roman, kauna- unahang transgender Military Officer, “Service knows NO GENDER”. Ang kasarian ay hindi hadlang upang maglingkod sa bayan. Walang kasarian ang higit na mangingibabaw upang piliin sa isang katungkulan, lahat ay pantay sa paningin ng lipunan, anumang antas o estado ng pamumuhay ng isang indibidwal. Pinapahayag ng katagang ito na ang kasarian ng isang tao ay isang oryentasyon lamang ng kaniyang personal na pagkakakilanlan, hindi ito magiging batayan ng isang masusing pagpapalawig ng isang pampropesyunal na paglago.

Pinapatuyan ng resultang ito na mas maraming mamamayan ang sumasang-ayon sa mga positibong impak ng pagpapakasal ng may parehong kasarian kaysa sa mga negatibong impak nito.

**Talahayan 2. B**
**Positibong impak ng pagpapakasal ng may parehong kasarian**

| **Positibong Impak** | **Sang-ayon** | **Bahagdan** | **Ranggo** |
|---|---|---|---|
| Magkakaroon ng siguridad sa batas ang relasyon ng may parehong kasarian. | 16 | 69.6 | 2 |
| Magkakaroon ng pagkakapantay pantay na trato sa mga magkarelasyon may parehong kasarian | 18 | 78.3 | 1 |
| Mapapatibay ng kasulatan ang relasyon ng may parehong kasarian | 10 | 43.5 | 5 |
| Matitigil ang pagdami ng populasyon ng mga tao | 7 | 30.4 | 6 |
| Mas dadami ang maniniwala sa pagpapatatag ng kasal sa relasyon | 6 | 26.1 | 7 |
| Mababawasan ang estigma o diskriminasyon | 13 | 56.5 | 4 |
| Mabigyan ng pantay na batas | 15 | 65.2 | 3 |
| Dapat na itinuturing itong karapatang pantao | 11 | 47.8 | 5 |
| Maiiwasan ang diskriminasyon ng mga kabataan mula sa homosekswal na magasawa | 11 | 47.8 | 5 |
| Maikakasal na ang mga homosekswal sa ating sariling bansa at hindi na darayo sa ibang bansa | 13 | 56.5 | 4 |

**(3) Paraan kung paano natanggap ang Homosekswal**

**Kalahok A.**

"Respeto lang sa desisyon na pinili ng iba"

Ayon sa Kids help line, Ang pagtanggap ng pagrespeto mula sa iba ay mahalaga dahil nakakatulong ito sa atin na maging ligtas at maipahayag ang ating sarili.

Ang implikasyon ng pag-aaral na ito ay nagpapatunay na ang pagrespeto ng mga mahahalagang tao sa ating buhay paglaki ay nagtuturo sa atin kung paano magkaroon ng respeto sa iba, ang respeto ay nangangahulugan na tinatanggap mo ang isang tao kung ano sila, kahit na iba sila sa iyo o hindi ka rin sumasang-ayon sa kanila, sa iyong ang mga relasyon ay bumubuo ng mga damdamin ng tiwala, kaligtasan, at kagalingan.

**Kalahok B.**

"RESPECT is the key word.Every individual regardless of their age,race,culture and status in life should be respected with their choices and preferences."

(***salindiwa*** *- RESPETO ang pangunahing salita. Ang bawat indibidwal anuman ang kanilang edad, lahi, kultura at katayuan sa buhay ay dapat igalang sa kanilang mga pagpipilian at kagustuhan.)*

Ayon kay Neil Bryan Llemit (2019) hindi dapat natin iniiba satin ang mga LGBTQ dahil tao din naman sila at hindi rin dapat iba ang pagtingin natin sa mga katulad nila sapagkat pare-parehas lang naman tayong tao. Bilang kasangkay nito, nararapat lamang ang pantay na pagtingin; walang mataas walang mababa pantay pantay lang.

Ang implikasyon ng pag-aaral na ito ay nagpapatunay na ang pantay na pagtingin ay para sa lahat ng tao kaya naman ay nararapat ring mabigyan ng pantay na pagtingin ang mga LGBTQ dahil sila rin naman ay mga tao.

**Kalahok C.**

"Ayon sa kanilang naaayon na kilos. Kung sila naman ay di tahasan binabalandra ang kanilang gawa."

(***salindiwa*** *- Ayon sa kanilang naaayon na kilos. Kung sila naman ay di tahasan pinapakita ang kanilang gawa.)*

Ayon kay fritzsgonzales (2017) Ang mga homosekswual ay grupo ng mga tao na naiiba sa kanilang kilos, pananalita at galaw. Ang kanilang pagiging "iba" ay napapahayag nila ang kanilang sarili sa iba't-ibang malikhaing pamamaraan.

Ang implikasyon ng pag-aaral na ito ay nagpapatunay na ang mga Homosekswal ay may iba't-ibang paraan kung paano nila ipapakita ang kanilang tunay na sarili.

Batay sa na analisang resulta ng pag aaral tungkol sa paraan kung paano natanggap ang Homosekswal, mapapatunayang respeto sa mga ginagawa o sa mga Homosekswal mismo ang higit na nangingibabaw sa mga taong tanggap ang mga Homosekswal.

**(4) Opinyon tungkol sa legal na pagpapakasal ng may parehong kasarian sa Pilipinas**

**Kalahok A.**

"Sang-ayon ako kung tanggap na ang mga membro nag LGBTQ community di lng sa lipunan kundi maging sa pamilya. Kung ano man an pinili ng bawat isa kelangan respetohin at igalang. Kung magkakaroon na ng legality ang same sex marriage sa Pilipinas ibig sabihin na bukas na ang mga Pilipino sa pagtanggap ng LGBTQ ."

(***salindiwa*** *- Sang-ayon ako kung tanggap na ang mga membro ng LGBTQ community di lng sa lipunan kundi maging sa pamilya. Kung ano man ang pinili ng bawat isa kailangan respetuhin at igalang. Kung magkakaroon na ng legalidad ang pagpapakasal ng may parehong kasarian sa Pilipinas ibig sabihin ay bukas na ang mga Pilipino sa pagtanggap ng LGBTQ.)*

Ayon kay Chang Casal (2019) sa kaibuturan nito, ang pamilya ay tungkol sa pag-ibig. Ang pamilya ay pagmamahalan, pagtutulungan, walang pinipiling gender," sinabi ito ni father Edwin Quinsayas. "'Yung pagpapamilya, pagmamahal talaga 'yun. Pag-aaruga."

Ang implikasyon ng pag-aaral na ito ay nagpapatunay na nagsisimula ang pagmamahal sa mga LGBTQ sa loob ng kanyang pamilya.

**Kalahok B.**

"Yes i definitely agree to same sex marriage in the Philippines. Its about time the government should legalize it so that every same sex couple will be given equal rights,benefits and opportunity as of those in the heterosexual relationship.Also to break the stigma and dicrimination in our society."

(***salindiwa*** *- Oo, pumapayag ako sa pagpapakasal ng magkaparehong kasarian sa Pilipinas. Oras na para ito'y gawing legal ng gobyerno para ang bawat magkasintahan na pareho ang kasarian ay mabigyan ng pantay na karapatan, benepisyo at pagkakataon gaya ng mga nasa heterosekswal na relasyon. Para maputol din ang istigma at diskriminasyon sa ating lipunan.)*

Ayon sa Human Rights Watch (2013) ang oryentasyong sekswal at pagkakakilanlang pangkasarian ay mahalagang mga aspeto ng ating sarili at hindi dapat humantong sa diskriminasyon o pang-aabuso. Gumagana ang Human Rights Watch para sa mga karapatan ng mga lesbian, bakla, bisexual, at transgender, at sa mga aktibistang kumakatawan sa maraming pagkakakilanlan at isyu.

Ang implikasyon ng pag-aaral na ito ay nagpapatunay na kailangan bigyang pansin ang Homosekswal pagdating sa pantay na karapatan, benepisyo, pati na ang oportunidad.

**Kalahok C.**

"hindi,dahil ito ay lihis sa salita ng Diyos."

Ayon kay Pastor Joey Umali (2019) Ang kasal at pagtatalik ng dalawang taong may magkaparehong kasarian ay labag sa Salita ng Diyos. Ito'y isang uri ng labanang espiritwal na hindi dapat ipagwalambahala ng bawat taong naniniwala sa Diyos.

Ang implikasyon ng pag-aaral na ito ay nagpapatunay na hindi lahat ng mamamayan sa Pilipinas ay sumasang-ayon sa pagpapakasal ng Homosekswal. Dahilan ng pagiging Kristiyano ng Pilipinas may iba parin na mas nangingibabaw ang salita ng Diyos.

Batay sa na analisang resulta ng pag aaral sa opinyon tungkol sa legal na pagpapakasal ng may parehong kasarian sa Pilipinas, may mga Pilipino paring sang-ayon at hindi sang-ayon dito. May mga bukas ang isipan para sumang-ayon sa ganitong usapin ngunit may mga relihiyoso paring mga Pilipino na hindi sang-ayon. Patunay lamang na may mga kanya kanya paring opinyon ang mga Pilipino tungkol sa legal na pagpapakasal ng may parehong kasarian sa Pilipinas.

## KONKLUSYON

Batay sa mga datos na nakalap at sinuri ng mga mananaliksik,Nakita ang mga kadahilanan patungkol sa Persepsyon ng mga tao sa "Pagtanggap sa mga Homosekswal at Legalisasyon ng pagpapakasal ng may parehong kasarian" ,kaya nabuo ang sumusunod na mga konklusyon:

(1)May ibat-ibang pananaw ang mga tao sa usaping same-sex marriage ngunit nais din nila ng karapatan para sa bawat isa na pumili ng taong mamahalin at pakakasalan nila. (2)May mga negatibong impak na maidudulot ang homosekswal na kasalan kung sakaling ito'y maisatupad. (3) Ang mga positibong impak naman ang siyang nagpapakita na kailangan ng pagkakapantay-pantay ng bawat kasarian pagdating sa pagpapakasal ng may parehong kasarian. (4) Ibat-ibang sagot ngunit isa lang ang pinupunto nila at ito ay ang tanggap nila ang mga homosekswal sapagkat ito raw ay respeto sa kasarian ng bawat tao at di ito hadlang sa kung anumang interaksyon magaganap. (5) May mga sang-ayon at di sang-ayon sa legalisasyon ng pagpapakasal ng may parehong kasarian na nagpapatunay na wala paring kasiguraduhan ang pagsasa legal ng kasalang Homosekswal.

## REKOMENDASYON

Batay sa mga resulta at konklusyon ng pag-aaral na ito, ang sumusunod na mga rekomendasyon ay nabuo:

(1)Bigyang pansin ang karapatang pantao ng mga homosekswal nang mas mabigyang diin ang kahalagahan nito at maipa unawa kung gaano ito kahalaga. (2) Pagkakaroon ng pagkakapantay-pantay ng pag trato sa kahit anong sektor ng kasarian dahil sa ang diskriminasyon ay walang kalalagyan sa lipunan. (3) Magkaroon ng ordinansa na protektahan ang mga karapatan ng mga LGBTG sa mga paaralan, mga opisina, at sa mga pangunahing serbisyo. (4) Pagkakaroon ng empowerment at pagkakapantay-pantay sa mga LGBT sa mga komunidad ng maralitang lungsod. (5)Tutukan ang laban sa diskriminasyon sa mga miyembro ng

LGBTQ dahil pare-pareho tayong tao at higit sa lahat pare pareho tayong Pilipino. (6) Pagdating naman sa mga eskwelahan, dapat na magbigay ng mga kaalaman sa mga estudyante ukol sa mga karapatan ng bawat isa at karapatan ng mga miyembro ng LGBTQ.

**TALASANGGUNIAN**

[1] Am J Public Health. (2013). The Impact of Not Legalizing Same-Sex Marriage on the Lesbian, Gay, Bisexual, and Transgender Community. https://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC3698823/
[2] Conde, C. (2017). Philippines Should Adopt Same-Sex Marriage. https://www.hrw.org/news/2017/03/20/philippines-should-adopt-same-sex-marriage#:~:text=Allowing%20same%2Dsex%20marriage%20would,rights%20of%20equality%20and%20nondiscrimination.
[3] KidsHealth Behavioral Health Experts. Sexual Attraction and Orientation. https://kidshealth.org/en/teens/sexual-orientation.html?fbclid=IwAR2ob0RloNjxwbnurTgTxxJEG_TZS0yqfokDyH85H-JxTd_ZENKeWjE0eBA
[4] Course Hero. Ang pagpapakasal ng magkaparehong kasarian ay dapat na tanggapin ng mga tao sa buong mundo dahil ito. https://www.coursehero.com/file/53226427/Ang-pagpapakasal-ng-magkaparehong-kasarian-ay-dapat-na-tanggapin-ng-mga-tao-sa-buong-mundo-dahil-ito/
[5] Umali, J. (2019). Same-sex marriage, labag sa utos ng Diyos. https://www.philstar.com/pang-masa/punto-mo/2019/09/21/1953701/same-sex-marriage-labag-sa-utos-ng-diyos
[6] Llemit, Neil Bryan. (2019). Pagtanggap sa mga LGBT sa lipunan. https://stema.home.blog/2019/05/15/pagtanggap-sa-mga-lgbt-sa-lipunan/
[7] Casal, C. (2019). Ang pamilya ay pagmamahalan, walang pinipiling gender. https://cnnphilippines.com/life/culture/2019/6/26/LGBTQ-family.html?fbclid=IwAR2.html
[8] Kid Help Line. All about respect. https://kidshelpline.com.au/teens/issues/all-about-respect
[9] Human Rights Watch. (2103). LGBT Rights. https://www.hrw.org/topic/lgbt-rights
[10] Lanot,Brixter. (2019). Diskriminasyon sa mga miyembro ng LGBTQ+ sa Pilipinas. https://stema.home.blog/2019/05/16/diskriminasyon-sa-mga-miyembro-ng-lgbtq-lesbian-gay-bisexual-trans-gender-at-queer-sa-pilipinas/
[11] Dela Cruz, Angie. (2018). Pagkilala sa karapatan ng LGBT, patuloy na isinusulong ni Joy B. https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/metro/2018/07/29/1837766/pagkilala-sa-karapatan-ng-lgbt-patuloy-na-isinusulong-ni-joy-b
[12] theIncrediblystrangecreatures. (2018). Karapatan ng LGBTQ: Karapatan ng tao. https://up4zeddyuppie.wordpress.com/2018/12/13/__trashed/
[13] Abellaneda C. , Amancio E. & Carim A. (2017) . Same-sex Marriage sa Pilipinas: Katanggap-tanggap ba?. https://eamancioblog.wordpress.com/2017/09/19/posisyong-papel-same-sex-marriage/
[14] Chinee. (2010). Same Sex Marriage. https://chinee-blogkoto.blogspot.com/p/same-sex-marriage.html?fbclid=IwAR0BryeWqvM_hJnfaQLCMmKB2DjSvlcx9qnKcBvOqOfcD59jzA9d_wDsafo
[15] Council Foreign Relations Staff. (2021). An Empirical Analysis of Same-Sex Marriage in Taiwan. https://www.scirp.org/journal/paperinformation.aspx?paperid=88677&utm_campaign=826331897_106502200010&utm_source=lixiaofang&utm_medium=adwords&utm_content=dsa-978980524525
[16] Redentor,Habla. (2016). Pagtalakay at Karapatan Ukol sa LGBT. https://upousite.wordpress.com/2016/03/11/pagtalakay-at-karapatan-ukol-sa-lgbt-2/
[17] Kadlit. ( 2018). Kinadenang Bahaghari: Mga hirap at danas ng mga LGBT sa Pilipinas. https://medium.com/@kadlitofficial/kinadenang-bahaghari-mga-hirap-at-danas-ng-mga-lgbt-sa-pilipinas-e230a0f7ee67
[18] Council Foreign Relations Staff. (2021). Ang kasaysayan ng bansang Austria ay maikli: mula sa mga Celts hanggang sa republika. Ang kasaysayan ng Austria sa modernong panahon. Kasaysayan ng Austria. Bagong panahon. https://uofa.ru/tl/istoriya-strany-avstrii-kratko-ot-keltov-do-respubliki-istoriya/
[19] Arisa Junio. (2018). Gender Equality in the Philippines: The LGBTQ Community and Their Fight for Freedom. http://www.kfaw.or.jp/correspondents/docs/24-3_Philippine_E.pdf
[20] Chang Casal. (2018). Survey finds that Filipino companies are not accepting of LGBTQ+. https://cnnphilippines.com/life/culture/2018/11/14/Filipino-companies-not-accepting-LGBTQ.html
[21] Grupongkuatro. (2017). Legalisasyon ng Same-Sex Marriage sa Pilipinas(Posisyong Papel). https://5sulatinparakayquilantang.wordpress.com/2017/09/30/legalisasyon-ng-same-sex-marriage-sa-pilipinasposisyong-papel/
[22] Hung, W. (2018). Majority Of Public Favors Same-Sex Marriage, But Divisions Persist. https://givingcompass.org/article/majority-of-public-favors-same-sex-marriage-but-divisions-persist/
[23] Pew Research Center. (2019). Marriage Equality: Global Comparisons. https://www.cfr.org/backgrounder/marriage-equality-global-comparisons
[24] Shuai, C. Jan, C. (2020). Symbolism matters: The effect of same-sex marriage legalization on partnership stability. https://www.sciencedirect.com/science/article/pii/S0167268120302432

[25] RMN News Nationwide. (2018). Panukalang batas kaugnay sa same sex union, tinalakay sa Korte Suprema. https://rmn.ph/panukalang-batas-kaugnay-sa-same-sex-union-tinalakay-sa-korte-suprema/

[26] Eugenio, M. (2020). Ang Epekto Ng Same- Sex Marriage Sa Mga Bansang Pinahihintulutan Ito. https://myinfobasket.com/ang-epekto-ng-same-sex-marriage-sa-mga-bansang-pinahihintulutan-ito/

[27] Wikipedia. (2014). Kasalan ng magkaparehong kasarian. https://tl.wikipedia.org/wiki/Kasalan_ng_magkaparehong_kasarian

[28] Sws Survey. (2015). Legalisasyon ng Same-Sex Marriage sa Pilipinas(Posisyong Papel). https://5sulatinparakayquilantang.wordpress.com/2017/09/30/legalisasyon-ng-same-sex-marriage-sa-pilipinasposisyong-papel/